2023



## SERYE NG IMPORMASYON NG MAGULANG

Mga Serbisyo sa Espesyal na Edukasyon sa Maryland:

# Paunawa sa Mga Karapatan ng Magulang at Mga Pamamaraang Pananggalang

Espesyal na Edukasyon Proseso

**Mga Karapatan ng Magulang**

Pag-unawa sa IEP

Paglipat sa Sekundarya



# PANIMULA

**Ang Maaasahang Gabay sa Paunawa sa Mga Karapatan ng Magulang at Mga Pamamaraang Pananggalang ng Maryland ay bahagi ng Mga Serye ng Impormasyon ng Magulang sa Maryland mula Tatlo Hanggang 21 (Maryland's Three Through Twenty-One Parent Information Series)**, isang koleksyon ng mga publikasyon na idinisenyo upang suportahan ang mga pamilya sa buong estado sa mga proseso ng espesyal na edukasyon at sistema ng mga serbisyo sa Maryland.



# TALAAN NG MGA NILALAMAN

pahina 4

**Paunawa sa Mga Karapatan ng Magulang at Mga Pamamaraang Pananggalang**

pahina 4

**Ano ang Isinasaad ng Batas**

pahina 5

**Pag-unawa sa Iyong mga Karapatan**

pahina 8

**Checklist para sa mga Magulang**

pahina 10

**Paano Kung May Mga Tanong Ako o Kailangan Ko nang Tulong?**

Para sa karagdagang impormasyon bisitahin kami sa
**www.marylandpublicschools.org**

# Paunawa sa Mga Karapatan ng Magulang **at Mga Pamamaraang Pananggalang sa Maryland**

**Ang bawat pamilya ng bata na ini-refer para sa pagiging karapat-dapat para sa mga serbisyo sa espesyal na edukasyon ng Maryland ay dapat makatanggap ng kopya ng booklet ng pormal na paunawa sa mga pamamaraang pananggalang ng Estado sa unang pagkakataon.**

Ang booklet ng pormal na mga pamamaraang pananggalang ay kinabibilangan ng pagpapaliwanag sa ilan sa mga karapatan ng magulang na itinatag ng pederal na Batas sa Edukasyon ng Indibidwal na may Kapansanan (Individuals with Disabilities Education Act, IDEA) at Code ng mga Regulasyon ng Maryland, COMAR).

Bilang bahagi ng booklet ng Mga Karapatan ng Magulang at Mga Pamamaraang Pananggalang, ang mga pamilya ay binibigyan ng impormasyon tungkol sa kung sino at saan tatawag para sa impormasyon tungkol sa kanilang mga pamamaraang pananggalang. Lahat ng Mga Ahensiya ng Lokal na Edukasyon, (LEA) at Mga Pampublikong Ahensiya (Public Agencies, PA) ay may mga tauhan ng Suporta sa Pamilya para tulungan ang mga magulang na maunawaan ang kanilang mga karapatan at siyasatin ang proseso ng espesyal na edukasyon.

Dapat matanggap ng mga pamilya ang kanilang booklet ng Mga Karapatan ng Magulang: Mga Pamamaraang Pananggalang kapag ang kanilang anak ay ini-refer para sa mga serbisyo sa espesyal na edukasyon, nang hindi bababa sa taon-taon pagkatapos noon, pagkatanggap sa nakasulat na reklamo ng estado o reklamo ukol sa nararapat na proseso, kapag ang desisyon ay ginawa upang suspindihin ang mag-aaral na may IEP* at sa kahilingan ng magulang.

# Ang **Isinasaad** ng Batas

Ang Batas sa Edukasyon ng mga Indibidwal na may Kapansanan (Individuals with Disabilities Education Act, IDEA) ay pederal na batas na tumitiyak sa mga serbisyo sa mga batang may kapansanan sa buong bansa. Ang mga layunin ay upang matiyak na ang lahat ng batang may kapansanan ay may magagamit na libreng naaangkop na pampublikong edukasyon na nagbibigay-diin sa espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo na idinisenyo upang matugunan ang kanilang mga natatanging pangangailangan at ihanda sila para sa karagdagang edukasyon, trabaho, at pamumuhay nang mag-isa.

# Pag-unawa sa **Iyong mga Karapatan**

## SA MARYLAND, ANG MGA PAMILYA AY MAY KARAPATAN NA:

### Tumanggap ng impormasyon sa kanilang katutubong wika

Iniaatas ng batas ng Maryland na ang IEP ng mag-aaral ay isalin sa katutubong wika ng pamilya kung ang wika ay sinasalita ng higit sa isang porsyento ng populasyon sa sistema ng paaralan. Ang booklet ng Mga Pamamaraang Pananggalang sa mga Karapatan ng Magulang ay magagamit sa dalawampu't limang iba't ibang wika at para sa pakikinig ng mga pamilya sa pamamagitan ng MP4 at YouTube. Ang booklet ng Mga Pamamaraang Pananggalang sa Mga Karapatan ng Magulang sa Maryland ay magagamit din para sa mga pamilyang may kapansanan sa paningin kapag hiniling nila ito.

### Tumanggap ng impormasyon tungkol sa mga desisyon ng pangkat ng IEP para sa programang pang-edukasyon ng kanilang anak sa loob ng makatwirang panahon bago ipatupad ang mga ito

Dapat na makatanggap ng paunawa ang mga magulang sa makatwirang oras bago gumawa ang paaralan ng mga pagbabago sa programang pang-edukasyon ng kanilang anak, kabilang ang pagkakakilanlan, pagsusuri, placement, mga layunin na ipinatupad, mga akomodasyon, o mga serbisyong natatanggap ng kanilang anak.

### Hilingin na panatilihing kumpidensyal ang personal na impormasyon ng kanilang anak at pamilya

May karapatan ang mga pamilya na suriin ang tala sa edukasyon ng kanilang anak at hilingin na ituwid ito kung sa tingin nila ay naglalaman ito ng hindi tamang impormasyon. Ang lahat ng LEA at PA ay dapat magkaroon ng mga patakaran at pamamaraan na susundin ng mga pamilya tungkol sa pag-amiyenda sa mga tala ng mag-aaral.

Kinakailangan ang pahintulot ng magulang bago ilabas ang anumang personal na pagkakakilanlang impormasyon tungkol sa kanilang anak, maliban sa mga mangilan-ngilan lamang na pagkakataon. Hindi lahat ng dokumento tungkol sa bata ay itinuturing na bahagi ng kanilang tala sa edukasyon, gayunpaman, ang impormasyon ay dapat pa ring panatilihing kumpidensyal at hindi maaaring ilabas nang walang pahintulot ng magulang, na may ilang mga pagbubukod. Ang tala sa edukasyon ng bata ay sisirain sa tinukoy na yugto ng panahon pagkatapos nilang umalis sa sistema ng paaralan, gayunpaman, maaaring humingi ang magulang ng mga dokumento mula sa kanilang tala sa edukasyon hanggang sa ito ay masira. Ang paglipat ng mga tala ng mag-aaral sa pagitan ng mga pampublikong paaralan kung saan galing ang mag-aaral, at sa papasukan nila, ay hindi nangangailangan ng pahintulot ng magulang at dapat ay makumpleto kaagad. Ang paglipat ng mga tala sa pagitan ng pampubliko at pribadong paaralan ay nangangailangan ng pahintulot ng magulang.



## Hilingin na magbayad ang kanilang sistema ng paaralan para sa Malayang Pagsusuri sa Edukasyon (Independent Educational Evaluation, IEE).

Kung ang pamilya ay hindi sumasang-ayon sa mga resulta ng pagsusuring kinumpleto ng LEA o PA, karapatan nilang hilingin na ang kanilang anak ay suriin ng tagasuri na hindi nagtatrabaho sa sistema ng paaralan o ahensiya, at hilingin sa LEA o PA na pondohan ang pagtatasa. Maaari ding humiling ang pamilya ng IEE kung gagawa sila ng referral para sa pagsusuri sa espesyal na edukasyon at walang tugon mula sa pangkat ng IEP ng mag-aaral sa loob ng mga partikular na takdang panahon. Kapag ang pamilya ay humiling ng isang IEE, ang LEA o PA ay dapat tumugon sa loob ng 30 araw sa pamamagitan ng alinman sa pagsang-ayon na pondohan ang pagsusuri o paghiling ng pormal na paglutas ng hindi pagkakaunawaan upang ipagtanggol ang kanilang pagsusuri.

## Asahan na ang kanilang mga anak ay maaaring magkaroon ng mga proteksyon sa pagdidisiplina.

Ang IDEA ay nagbibigay ng napaka-tiyak at detalyadong mga pamamaraan at proteksyon para sa mga mag-aaral na may mga IEP kung ang LEA o PA ay gagawa ng ilang mga aksyong pandisiplina. Ang mga proteksyon na ito ay naaangkop sa mag-aaral na karapat-dapat para sa mga serbisyo, mga mag-aaral na nasa proseso ng pagtukoy sa pagiging karapat-dapat, at sa mga hindi karapat-dapat ngunit dapat na natukoy ng LEA o PA na karapat-dapat para sa espesyal na edukasyon.

## Panatilihin ang karapatang gumawa ng mga desisyon sa espesyal na edukasyon para sa kanilang anak.

Sa Maryland, ang mga karapatan sa paggawa ng desisyon sa espesyal na edukasyon ay nananatili sa mga magulang kapag ang kanilang anak ay 18 taong gulang. May mga limitadong pagkakataon kung saan ang mga karapatan sa paggawa ng desisyon sa espesyal na edukasyon ay maaaring malipat sa mag-aaral. Mayroong proseso kung saan ito nagaganap at mga pamantayan na dapat matugunan bago maganap ang paglipat ng mga karapatan sa paggawa ng desisyon sa edad ng mayorya.

## Kusang ilagay ang kanilang anak sa pribadong paaralan, ngunit huwag asahan na awtomatikong popondohan ng sistema ng paaralan ang placement.

Maaaring ilagay ng mga pamilya ang kanilang anak sa pribadong paaralan kung hindi sila sumasang-ayon sa placement na ginawa ng pangkat ng IEP, gayunpaman, hindi nila maaaring ipagpalagay na babayaran ng LEA o PA ang placement na iyon. Maaaring magamit ng mga pamilya ang mga proseso sa paglutas ng hindi pagkakaunawaan gaya ng pamamagitan at/o pagdinig ukol sa nararapat na proseso upang malutas ang kanilang mga alalahanin at humiling ng placement para sa kanilang anak.

## Magtalaga ng Kahalili kung walang Magulang

Kung ang mag-aaral ay walang indibidwal na nakakatugon sa kahulugan ng magulang upang suportahan ang proseso ng espesyal na edukasyon, ang LEA o PA ay maaaring magtalaga ng kahalili ng magulang upang kumilos bilang magulang para sa mag-aaral na iyon. Ang kahalili ng magulang ay hindi maaaring “ang estado,” ibig sabihin, ang social worker na nakatalaga sa mag-aaral ay hindi maaaring italaga bilang kahalili ng magulang. Ang kahalili ng magulang ay sinasanay ng LEA o PA, at inaabisuhan ang MSDE sa kanilang kasunduan.



## Pahintulutan, o Bawiin ang Pahintulot para sa, Maraming Proseso ng Espesyal na Edukasyon.

Pahintulutan, o Bawiin ang Pahintulot para sa, Maraming Proseso ng Espesyal na Edukasyon.

Ang pahintulot ng magulang ay kinakailangan upang:

- Magsagawa ng mga indibidwal na pagtatasa
- Magsimula ng mga serbisyo sa espesyal na edukasyon
- Makilahok sa mga alternatibong pamantayan sa pagkamit sa akademiko
- Makilahok sa mga alternatibong pagtatasa ng estado
- Isama ang paggamit sa pagpigil o pagbubukod sa IEP o plano ng interbensyon sa pag-uugali ng kanilang anak.

Ang paunang pahintulot para sa alinman sa mga pagkilos na ito ay maaaring bawiin ng pamilya anumang oras.

## Lutasin ang mga hindi pagkakasundo tungkol sa pagkakakilanlan, pagsusuri, placement sa edukasyon, o ang pagbibigay ng libre, naaangkop na pampublikong edukasyon ng iyong anak.

Minsan ang mga katuwang ay maaaring hindi sumang-ayon tungkol sa mga serbisyo para sa isang bata. Kung mangyari ang mga hindi pagkakasundo, may karapatan ang mga pamilya na hingin ang alinman (o lahat) ng mga sumusunod na proseso: pamamagitan, pagdinig ukol sa nararapat na proseso, pormal na reklamo sa estado.

## Pamamagitan:

Ang pamamagitan ay kumpidensyal, boluntaryong proseso para sa paglutas ng mga hindi pagkakaunawaan. Tinutulungan ng sinanay na tagapamagitan ang mga katuwang na ipahayag ang kanilang mga pananaw at maunawaan ang posisyon ng isa't isa sa isyu. Ang tungkulin ng tagapamagitan ay tulungan ang mga katuwang na talakayin ang mga isyu at makabuo ng solusyon. Ang tagapamagitan ay hindi kumukuha ng posisyon, pumapanig, o nagrerekomenda ng solusyon.

## Pagdinig ukol sa Nararapat na Proseso:

Ang Pagdinig ukol sa Nararapat na Proseso ay pormal na pamamaraan na gaganapin sa Mataas na Hukuman na Namamahala ng Batas. Ang mga partido ay nagpapakita ng testimonya at nagbibigay ng mga saksi at ebidensya upang suportahan ang kanilang mga posisyon. Tungkulin ng Mataas na Hukuman na Namamahala ng Batas na magsagawa ng pagdinig, at maglabas ng desisyon na lulutas sa hindi pagkakasundo.

## Pormal na Reklamo sa Estado:

Maaaring magsampa ng Reklamo sa Kagawaran ng Edikasyon sa Estado ng Maryland (Maryland State Department of Education, MDSE) kung naniniwala ang magulang na may naganap na paglabag kaugnay ng iniaatas ng Individuals with Disabilities Education Act (IDEA) o batas o mga regulasyon sa Estado ng Maryland. Kapag nagsampa ng Reklamo sa Estado, ang MSDE ay may pananagutan sa pagsisiyasat sa reklamo at nangangailangan ng mga pagbabago (kung kinakailangan) upang itama ang anumang paglabag.



# Checklist para sa **mga Magulang**

## MASASAGOT MO BA NG "OO" ANG MGA SUMUSUNOD NA MGA TANONG?

Ang pag-unawa sa sistema ng mga pamamaraang pananggalang ng Maryland ay mahalaga para sa mga pamilyang nakikilahok sa edukasyon ng kanilang mag-aaral. Kung hindi mo masagot ng "oo" ang alinmang mga tanong sa ibaba, ang iyong lokal o MSDE na pangkat ng suporta sa pamilya ay maaaring magbigay ng impormasyon at tulong.

### Ang Proseso ng Espesyal na Edukasyon

- ☐ Naiintindihan ko ba ang proseso ng espesyal na edukasyon sa Maryland—kabilang ang mga serbisyo, pamamaraan, mga takdang panahon at mga pamamaraang pananggalang?
- ☐ Naiintindihan ko ba ang proseso ng pagsusuri at kung paano tinutukoy ang pagiging karapat-dapat?
- ☐ Naiintindihan ko ba ang aking tungkulin sa proseso ng pagsusuri?
- ☐ Alam ko ba na maaari kong ibahagi ang mga alalahanin at priyoridad ng aking pamilya sa pagpaplano para sa edukasyon ng aking anak?
- ☐ Naiintindihan ko ba na kailangan kong magbigay ng nakasulat na pahintulot para sa pagsusuri?
- ☐ Naiintindihan ko ba na maaari kong bawiin ang pahintulot anumang oras para sa anumang proseso na nangangailangan ng aking pahintulot?
- ☐ Naiintindihan ko ba kung bakit karapat-dapat ang aking anak para sa mga serbisyo sa espesyal na edukasyon?
- ☐ Kung ang aking anak ay natagpuang HINDI karapat-dapat para sa mga serbisyo sa espesyal na edukasyon, naiintindihan ko ba kung bakit?
- ☐ Alam ko ba kung sino ang tatawagan kung kailangan ko ng tulong sa pag-unawa sa aking mga pamamaraang pananggalang?

### Ang Individualized Education Program (IEP)

- ☐ Naiintindihan ko ba ang layunin ng IEP?
- ☐ Naiintindihan ko ba ang aking tungkulin sa pangkat ng IEP?
- ☐ Alam ko ba ang mga takdang panahon para sa pagkumpleto at pagsusuri sa IEP? Naiintindihan ko ba na maaari akong humiling ng pagsusuri sa IEP anumang oras?
- ☐ Naiintindihan ko ba ang mga layunin ng IEP para sa aking anak, at ang mga estratehiya at serbisyo na gagamitin para makamit ang mga layunin?



☐ Naiintindihan ko ba kung paano makakatulong ang mga layunin sa paglipat ng aking anak pagkatapos umalis sa paaralan?

☐ Alam ko ba kung kailan magsisimula ang mga serbisyo, gaano kadalas at saan ibibigay ang mga ito, at gaano katagal?

☐ Naiintindihan ko ba na kailangan kong magbigay ng nakasulat na pahintulot para magsimula ang mga serbisyo?

☐ Alam ko ba na kapag nagbigay ako ng nakasulat na pahintulot para magsimula ang mga serbisyo, hindi ko na muling kailangang gawin ito?

☐ Alam ko ba kung paano matutukoy ang pag-unlad?

☐ Alam ko ba kung paano humiling ng mga pagbabago sa mga serbisyo?

☐ Naiintindihan ko ba kung paano makakatulong ang mga serbisyo sa aking anak na magtagumpay sa paaralan?

☐ Naiintindihan ko ba ang proseso ng paglipat–kabilang ang ibang mga ahensya, mga aktibidad sa paglipat, mga layunin, at kung paano nakatuon ang programang pang-edukasyon ng aking anak sa mga serbisyong ito?

☐ Naiintindihan ko ba ang proseso ng paglabas sa paaralan?

## Paglahok ng Magulang: Ganap na Pakikilahok sa Proseso ng IEP

☐ Kung kailangan ko ng impormasyong ibinahagi sa aking sariling wika o sa pamamagitan ng paraan ng komunikasyon gaya ng pasenyas na wika, natugunan ba ng lokal na pangkat ng IEP ang aking pangangailangan?

☐ Naiintindihan ko ba kung paano ko matutulungan ang aking anak na matuto sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa paaralan?

☐ Alam ko ba kung ano ang gagawin kung mayroon akong alalahanin tungkol sa programang pang-edukasyon ng aking anak?

☐ Alam ko ba ang tungkol sa adbokasiya at mga programa ng suporta sa pamilya at kung paano magagamit ang mga ito?

☐ Alam ko ba kung paano ibinabahagi ang impormasyong pang-edukasyon at kung paano pinananatiling kompidensyal ang mga tala ng aking anak?

☐ Nagtitipon ba ako ng mga dokumento at tala na mahalaga sa programang pang-edukasyon ng aking anak? Mga dokumento na kinabibilangan ng:

- Mga kasalukuyan at nakalipas na IEP
- Mga ulat sa pagsusuring medikal
- Mga ulat sa pagsusuri
- Paunawa sa Mga Karapatan ng Magulang/ Pamamaraang Pananggalang
- Pinirmahan na mga form para sa paglalabas ng impormasyon
- Mga tala mula sa mga guro
- Mga komunikasyon mula sa mga tagapagbigay ng serbisyo
- Mga tala mula sa mga pagpupulong ng pangkat ng IEP
- Mga tala mula sa mga pag-uusap sa telepono

☐ Alam ko ba na ang Maryland ay may mga pambuong estadong network ng mga koordineytor ng Mga Serbisyo sa Pagsuporta sa Pamilya (FSS, Family Support Services)? Ang mga koordineytor ng FSS ay makakatulong sa mga pamilya ng mga batang may kapansanan sa pamamagitan ng:

- Pagsagot sa mga tanong tungkol sa maagang interbensyon at mga serbisyo sa espesyal na edukasyon
- Pagsuporta sa mga pamilya sa pagpa-plano para sa paglipat
- Pagbibigay ng higit pang impormasyon tungkol sa paglutas sa mga hindi pagkakasundo.

☐ Alam ko ba na ang aking tagapamahala ng kaso ay maaaring magbigay ng impormasyon—kabilang ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan—para sa aking lokal na Koordineytor ng Serbisyo sa Suporta sa Pamilya (Family Support Services Coordinator)?

# Paano kung May mga Katanungan Ako o **Kailangan Ko ng Tulong?**

## MGA COORDINATOR SA MGA SERBISYONG PANSUPORTA SA LOKAL NA PAMILYA

| SISTEMA NG LOKAL NA PAARALAN | KAPANGANAKAN HANGGANG EDAD 5 | EDAD 5 HANGGANG 21 |
|---|---|---|
| Allegany | 240-920-6829 | 240-920-6829 |
| Anne Arundel | 410-424-3270 | 410-424-3258 |
| Baltimore City | 410-396-1666 | 443-642-3848 |
| Baltimore County | 443-809-9696 | 443-809-5443 |
| Calvert | 443-550-8406 | 443-550-8375 |
| Caroline | 410-479-3609 | 410-479-3609 |
| Carroll | 410-751-3955 | 410-751-3955 |
| Cecil | 410-996-6230 | 410-996-6230 |
| Charles | 301-934-7456 | 301-934-7456 |
| Dorchester | 410-901-6915 | 410-901-6915 |
| Frederick | 240-578-1244 | 240-236-8744 |
| Garrett | 301-914-1351 | 301-914-1351 |
| Harford | 410-273-5579 | 410-273-5579 |
| Howard | 410-313-7161 | 410-313-7161 |
| Kent | 410-778-5708 | 410-778-5708 |
| Montgomery | 240-777-4809 | 240-753-9487 |
| Prince George's | 240-521-5054 | 301-431-5675 |
| Queen Anne's | 410-758-2403, x135 | 410-758-2403, x135 |
| Somerset | 410-651-1616, x11385 | 410-651-1616, x11385 |
| St. Mary's | 301-475-5511, x32218 | 240-309-4113 |
| Talbot | 410-822-0330 | 410-822-0330 |
| Washington | 301-766-8221 | 301-766-8221 |
| Wicomico | 410-677-5250 | 410-677-5250 |
| Worcester | 410-632-5234 | 410-632-5234 |
| Maryland School for the Blind | 410-444-5000, x1489 | |
| Maryland School for the Deaf | 443-277-8899 | |
| Maryland State Department of Education | 410-767-0255 | |

**MARYLAND STATE DEPARTMENT OF EDUCATION**

**Mohammed Choudhury**
State Superintendent of Schools

**Dr. Deann Collins**
Kinatawang Superintendente para sa Tanggapan ng Pagtuturo at Pag-aaral (Deputy Superintendent for Office of Teaching and Learning)

**Clarence C. Crawford**
Pangulo, Lupon ng Edukasyon sa Estado ng Maryland (President, Maryland State Board of Education)

**Wes Moore**
Gobernador

© 2023 Maryland State Department of Education
Ang publikasyong ito ay binuo ng Maryland State Department of Education, Dibisyon ng Maagang Interbensyon at Mga Serbisyo sa Espesyal na Edukasyon (Division of Early Intervention and Special Education Services) na may mga pondo mula sa U.S. Department of Education, Grant #H393A090124A, Special Education-Grants for Infants and Families "Recovery Funds" sa ilalim ng PL 105-17/111-5 Individuals with Disabilities Education Act/American Recovery and Reinvestment Act. Ang Maryland State Department of Education, Division of Early Intervention and Special Education Services ang namumunong ahensya para sa Maryland Infants and Toddlers Program, ang programa ng mga serbisyo at suporta sa buong estado na inaayos ng mga ahensya at organisasyon ng Estado at lokal. Ang mga gumagamit na kumukopya o nagbabahagi ng impormasyong nakapaloob sa publikasyong ito ay dapat magbigay ng karangalan sa Maryland State Department of Education, Division of Early Intervention and Special Education Services, Dr. Deann Collins, Kinatawang Superintendente para sa Tanggapan ng Pagtuturo at Pagkatuto (Deputy Superintendent for Office of Teaching and Learning).



MARYLAND STATE DEPARTMENT OF EDUCATION
EQUITY AND EXCELLENCE


410-767-0100

www.marylandpublicschools.org

200 West Baltimore Street
Baltimore, MD 21201-2595